# MARAMING MGA SERBISYO... ISANG LOKASYON.

**Ang mga navigator ay tutulong na kumonekta sa mga kinakailangang serbisyo, kabilang ang pagpaplanong pangkaligtasan, pampublikong mga benepisyo, pabahay at iba pang mga pangangailangan.**

---

**Mga counselor o tagapayo at therapist upang suportahan ang mga matatanda at bata na humaharap sa traumatikong resulta ng karahasan.**

---

**Mga serbisyo sa pagpapalakas ng ekonomiya upang tumulong sa pagba-budget, pag-aayos ng kredito, at iba pang mga isyu sa pananalapi. Mga referral sa pagsasanay sa trabaho at mga programang pang-edukasyon.**

---

**Ang mga abugado ay magpapayo sa mga usapin ng pabahay, mga order ng proteksyon, suporta sa bata, pag-iingat, pagbibisita, imigrasyon, at diborsyo.**

---

**Mga dalubhasang prosecutor o tagausig at tagapagpatupad ng batas.**

---

**On-site na pangangalaga ng bata habang tumatanggap ng mga serbisyo.**



## Sa PorchLight, hindi ka nag-iisa.

Ang Family Justice Center ay ang gateway o landas sa isang network ng mga serbisyo na idinisenyo upang mabawasan ang karahasan. Habang binabawasan natin ang pagkakaroon ng karahasan, pinapahusay natin ang kaligtasan ng publiko, tumutulong na bawasan ang mga antas ng homicide, nagkakaisa ang mga komunidad sa pagsuporta sa mga biktima at nakaligtas, at pinatataas ang bisa ng mga napapanahong serbisyo. Tayo ay nakatuon sa pagsira sa siklo ng karahasan at panatilihing ligtas ang aming komunidad.

---

Mangyaring bisitahin ang **www.porchlightfjc.org** upang malaman pa:


- **Paano magboluntaryo.**
- **Paano mag-donate.**
- **Paano mag-access ng mga serbisyo para sa iyong sarili o isang taong nangangailangan.**




**PorchLight, isang Family Justice Center o Sentro ng Katarungan ng Pamilya**

11100 W. 8th Ave., Suite 200, Lakewood, CO 80215

303-271-6100 • www.porchlightfjc.org



**Ang aming misyon ay pagsama-samahin ang mga mahahalagang serbisyo para sa mga biktima, mga nakaligtas at kanilang mga anak upang lumikha ng isang positibong landas pasulong, at upang itaguyod ang kaligtasan ng publiko.**

PorchLight
A Family Justice Center
*You are not alone.*

---

11100 W. 8th Ave., Suite 200, Lakewood, CO 80215

**www.porchlightfjc.org**

**303-271-6100**

**Mga oras:** 8:30 a.m.–4:30 p.m.

Hinihikayat ang mga walk-in. Walang appointment na kina-kailangan.








## Bakit ang PorchLight?

Kung ang isang tao ay inatake sa harap ng kanilang mga anak, o kung hindi man ay biktima ng karahasan, ang pamilya ay ire-refer sa maraming ahensya sa komunidad upang makatanggap ng mga serbisyo upang simulan ang pagpapagaling. Pinagsasama-sama ng PorchLight ang mga serbisyo sa isang lokasyon, binabawasan ang paglalakbay, mga aplikasyon, dami ng beses na dapat sabihin ng isang tao ang kanilang kuwento, oras ng pahinga sa trabaho, at mga pangangailangan sa pangangalaga ng bata. Hindi kailangang magkaroon ng kasong kriminal para magamit ang mga serbisyong ito, at lahat ng serbisyo ay walang bayad sa biktima o nakaligtas.

## Tungkol sa Sentro

Ang PorchLight, isang Family Justice Center ay naglilingkod sa mga county ng Jefferson at Gilpin. Mahigit sa 75 kasosyong mga ahensya ang nagtutulungan upang magbigay ng magkakaugnay na serbisyo para sa mga biktima at nakaligtas sa karahasan. Sa pamamagitan ng paglalagay ng multi-disciplinary team ng mga propesyonal sa ilalim ng isang bubong at pag-coordinate ng mga aktibidad sa bawat ahensya, mas mabisa nating mapagsisilbihan ang mga biktima at nakaligtas ng sekswal na pag-atake, karahasan sa pamilya, pang-aabuso sa nakatatanda, pang-aabuso sa bata, pang-aabuso sa indibidwal na nasa panganib at trafficking ng tao.




**“Ang ating Family Justice Center ay isang magiliw at malugod na lugar**
kung saan nagsasama-sama ang isang komunidad ng mga tagapagbigay ng serbisyo upang tulungan ang mga biktima, nakaligtas at kanilang mga anak na makatanggap ng mga kritikal na serbisyo—lahat sa isang lokasyon.”

~ Candace Cooledge, Executive Director

**"Hindi ko nais na sabihin ang aking kuwento ng isang milyong beses ...**
na kasama ang lahat sa iisang lugar ay magiging kamangha-mangha."

~ Nakaligtas